



2400 Moorpark Avenue, Suite 300, San Jose, CA 95128
749 Story Road, Suite 50, San Jose, CA 95122
Telepono: (408) 975-2730
Fax: (408) 975-2745

AACI

BUOD – PAUNAWA NG MGA GAWAING UKOL SA PRIBASYA

ITO ANG NATATANGING BUOD NG PAUNAWA NG MGA GAWAIN UKOL SA PRIBASYA NG AACI (NOPP) NA NAGLALARAWAN SA KUNG PAANO ANG MEDIKAL NA IMPORMASYON TUNGKOL SA IYO AY MAAARING MAGAMIT AT MAISIWALAT AT KUNG PAANO KA MAKAKA-ACCESS SA IMPORMASYONG ITO. ***BILANG ISANG KLIYENTE/PASYENTE NG AACI, KINAKAILANGAN MONG PIRMAHAN ANG “CONDITION OF TREATMENT” (“KONDISYON NG PAGGAMOT”) BAGO TUMANGGAP NG MGA SERBISYO SA AACI. ITO ANG HULING PAHINA NG BUONG BERSYON NG NOPP NG AACI.***

ANG BUONG BERSYON NG NOPP AY MAPAPASAIYO SA PAMAMAGITAN NG PAGKUHA NG HARD COPY SA FRONT DESK O PROVIDER NG SERBISYO, O SA PAMAMAGITAN NG WEBSITE NG AACI: www.aaci.org

Para sa higit pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnay sa:

AACI Health Center (Sentro ng Kalusugan ng AACI)
Elizabeth Hunt, MPA, MSW
Senior Manager (Nakatataas na Manedyer), Quality Improvement (Pagpapabuti ng Kalidad)
2400 Moorpark Ave., Suite #300
San Jose, CA 95128
(408) 975-2730 x 114 Fax (408) 975-2745
elizabeth.hunt@aaci.org

AACI Behavioral Health (Kalusugang Pang-asal ng AACI)
Duy Pham, LCSW
Senior Manager (Nakatataas na Manedyer), Quality Improvement (Pagpapabuti ng Kalidad)
2400 Moorpark Ave., Suite #300
San Jose, CA 95128
(408) 975-2730 ext. 147 | Fax (408) 975-2745
duy.pham@aaci.org

Pangako Namin ang Protektahan ang Iyong Pribasya:

Ang AACI ay dedikado sa pagprotekta sa pribasya ng iyong medikal na impormasyon. Upang pinakamahusay naming matugunan ang iyong mga pangangailangan, ibinabahagi namin ang iyong medikal na impormasyon sa lahat ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugang nakikibahagi sa iyong mangangalaga. Kapag kinakailangan lamang, ginagamit at ibinabahagi rin namin ang iyong impormasyon upang isagawa ang mga pagpapatakbo ng aming establisimiyento, upang mangolekta ng kabayaran para sa mga serbisyong ibinigay namin sa iyo, at upang sumunod sa mga batas na sumasaklaw sa pangangalagang pangkalusugan. Hindi namin gagamitin o isisiwalat ang iyong impormasyon para sa anumang iba pang layunin nang wala ang iyong permiso.

Ikaw ay may mga sumusunod na karapatan upang ma-access at makontrol ang impormasyon sa iyong kalusugan:

- Magsiyasat at kumuha ng kopya ng iyong mga medikal at billing na rekord na sumasailalim sa ilang mga espesyal na pangangailangan para sa pang-aabuso sa droga at pang-aabuso sa alkohol, henetiko, kalusugang pangkaisipan at data na may kinalaman sa HIV;
- Humiling ng mga restriksyon sa ilang mga paggamit o pagsisiwalat ng iyong medikal na impormasyon;
- Humiling ng accounting ng mga pagsisiwalat ng AACI sa iyong medikal na impormasyon;
- Magdagdag ng adendum sa iyong medikal na rekord;
- Humiling na makipag-usap sa iyo ang AACI sa partikular na paraan o sa partikular na lokasyon;
- Tumanggap ng kopya ng buong bersyon ng Paunawa ng mga Gawain ukol sa Pribasya.

Mga halimbawa ng kung paano namin maaaring gamitin o isiwalat ang impormasyon sa iyong pangkalusugan:

- Magbigay sa iyo ng medikal na paggamot at mga serbisyo;
- Maningil at tumanggap ng kabayaran para sa paggamot at mga serbisyong iyong tinatanggap;
- Para sa mga gawaing kailangan upang mapatakbo ang AACI at upang masiguro na ang aming mga pasyente at tumatanggap ng de-kalidad na pangangalaga;
- Upang magbigay ng pandemograpikong impormasyon sa aming tanggapan ng pagpapaunlad para sa mga layunin ng pangongolekta ng pondo;
- Sa kompensasyon ng mga manggagawa o mga kahalintulad na programa;
- Para sa mga iniaatas na pampublikong aktibidad (hal. pag-uulat ng pang-aabuso o masamang reaksyon sa mga gamot);
- Gaya ng iniaatas para sa pangangasiwa sa pangangalagang pangkalusugan (hal. California Department of Health Care Services (Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California), United State Department of Health & Human Services (Departamento ng Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng Estados Unidos), Medicare, Medi-Cal at mga pribadong kumpanya ng seguro);
- Sa tagapagpatupad ng batas sa ilang mga limitadong pagkakataon;
- Sa koroner, medikal na taga-eksamen o direktor ng punerarya gaya ng iniaatas ng batas;
- Para sa pagkuha o pag-transplant ng bahagi ng katawan, kung ikaw ay isang potensyal na donor.